



Name of School:			Ikaapat na Markahan
Grade Level & Section:	Grade 7	Week:	Week1 Day3
Subject:	FILIPINO	Date and Time:	
Topic:		Teacher:	

I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM		ANNOTATIONS
A. Pamanta yang Pangnilalaman	Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – Ibong Adarna para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens.	
B. Pamanta yang Pagganap	Nakabubuo ng iskrip para sa shadow play tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan.	
C. Mga Kasanay ang Pampagkatuto	Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa kaligirang pangkasaysayan ng Obra Maestra – Ibong Adarna a. Nakatutukoy ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng paglikha ng Obra Maestra- Ibong Adarna. b. Nakapaglalahad ng ideya at impormasyon tungkol sa akda. c. Napahahalagahan ang pagtalakay sa kaligirang pangkasaysayan ng isang mahalagang akda. Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa a. Natutukoy ang mahahalagang elemento (tauhan, tagpuan, banghay na tuon sa tunggalian) at detalye sa Ibong Adarna Nasusuri ang mga tekstong biswal na makikita sa Ibong Adarna	

	a. Naipaliliwanag ang kahulugan ng tekstong biswal sa Obra Maestra- Ibong Adarna	
<i>D. Mga Layunin</i>		
II. NILALAMAN/PAKSA		
Kaligirang Pangkasaysayan ng Ibong Adarna Saknong 1-6		
III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO		
A. Mga Sanggunian	Almario, Virgilio S. (2006) Pag-unawa sa Ating Pagtula : Pagsusuri at Kasaysayan ng Panulaang Filipino. Anvil Publishing, Inc., Pasig City Baisa-Julian, A. et.al (2017). Pinagyamang Pluma (Ikalawang Edisyon). Phoenix Publishing House. Calibre 50 (2017) Corrido de Juanito https://www.youtube.com/watch?v=pC7a27zE2fs Coroza, Michael M. (2016) Pagtataguyod ng Tula sa Pagtetext https://www.pressreader.com/philippines/liwayway/20160704/281676844226838 Cruz, E.G., (2018). Ibong Adarna (Korido). Quezon City: C&E Publishing, Inc. 2008 Diksiyonaryo. (n.d.). Diksiyonaryo.ph. Retrieved from https://diksiyonaryo.ph Festin, R., Correa, R. (2018). Baybayin (Paglalayag sa Wika at Panitikan). Rex Book Store. Filipino 7 Ikaapat na Markahan – Modyul 1 KALIGIRANG KASAYSAYAN NG IBONG ADARNA IBONG ADARNA. (n.d.). Mysite. Retrieved from https://leomargmercado.wixsite.com/ibongadarna/ibong-adarna Kaligirang Pangkasaysayan NG Ibong Adarna PDF. (n.d.). Scribd. Retrieved from https://www.scribd.com/document/419574819/Kaligirang-Pangkasaysayan-Ng-Ibong-Adarna KWF Diksiyonaryong Filipino. (n.d.). Kwfdiksiyonaryo.ph. https://kwfdiksiyonaryo.ph Pag unawa sa kaisapan ng may akda ng Ibong Adarna. (2022, March 21). SlideShare. https://www.slideshare.net/JulieAnnAnteligandoM/pag-una-wa-sa-kaisapan-ng-may-akda-ng-ibong-adarna	

	Rappler (2020) Tula sa pandemya: Mga nagwaging COVIDiona, COVIDagli,	
B. Iba pang Kagamitan		

IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO

Bago Ituro ang Aralin

Panimulang Gawain	Ang <i>Ibong Adarna</i> ay isang makabayang akdang pampanitikan na naglalaman ng mahahalagang aral tungkol sa katatagan, pananampalataya, at tungkulin sa pamilya. Sa Saknong 1-6, ipinapakilala ang kaharian ng Berbanya, na pinamumunuan nina Haring Fernando at Reyna Valeriana. Sila ay may tatlong anak na sina Don Pedro, Don Diego, at Don Juan. Sa panimula ng akda, inilalarawan ang marangyang buhay sa kaharian ngunit unti-unting lumilitaw ang suliranin—nagkasakit si Haring Fernando at walang makitang lunas. Ayon sa mga pantas, tanging ang mahiwigang awit ng Ibong Adarna mula sa Bundok Tabor ang makakapagpagaling sa hari. Dahil dito, ipinadala niya ang kanyang mga anak upang hanapin ang ibon. Ipinapakita sa mga unang saknong ng epiko ang ilang mahahalagang aspekto ng panitikang Pilipino, tulad ng halaga ng pamilya, katapatan, at pagsunod sa utos ng nakatatanda. Kasabay nito, makikita rin ang paniniwala ng mga tao noon sa mga mahika, kapalaran, at himala bilang bahagi ng kanilang pananampalataya. Sa pamamagitan ng paunang bahagi ng akda, inihahanda tayo sa isang paglalakbay na puno ng pagsubok, pagtataksil, at katapangan—mga elementong nagpapatingkad sa kwento ng <i>Ibong Adarna</i> bilang isang obra maestra ng panitikang Pilipino.  Tanong para sa pagninilay: - Ano ang ipinapakitang kahalagahan ng pamilya sa akdang ito? - Paano sumasalamín ang kaharian ng Berbanya sa lipunan noon at ngayon?	
--------------------------	---	--

	• Sa iyong opinyon, bakit mahalagang pag-aralan ang <i>Ibong Adarna</i> sa kasalukuyang panahon?	
Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin	Layunin ng Aralin: Sa pagtatapos ng araling ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang: 1. Matukoy ang mahahalagang tauhan sa <i>Ibong Adarna</i> at maipaliwanag ang kanilang papel sa kwento. 2. Mailarawan ang tagpuan ng kwento at maunawaan ang kahalagahan nito sa pag-unlad ng banghay. 3. Masuri ang iba't ibang uri ng tunggalian na naganap sa akda at ang epekto nito sa mga tauhan at kanilang desisyon. 4. Maiugnay ang mga elemento ng obra sa mga tunay na pangyayari sa buhay at lipunan. 5. Makabuo ng malikhaing presentasyon upang ipakita ang kanilang pag-unawa sa mga tauhan, tagpuan, at tunggalian sa kwento. Pangkatin ang klase sa tatlo, at bigyan ng kani-kaniyang elemento upang pag-aralan: 1. Pangkat 1: Tauhan • Gumawa ng character map na nagpapakita ng mga pangunahing tauhan ng <i>Ibong Adarna</i> (Haring Fernando, Reyna Valeriana, Don Pedro, Don Diego, Don Juan, Ibong Adarna). • Ilagay ang kanilang katangian, kilos, at papel sa kwento. • Ibahagi ang character map sa klase at ipaliwanag ang kanilang ginampanang papel sa tunggalian ng kwento.	

	2. Pangkat 2: Tagpuan • Gumuhit ng mapa o ilustrasyon ng mga mahahalagang tagpuan sa kwento (Palasyo ng Berbanya, Bundok Tabor, kagubatan, at iba pa). • Ipaliwanag kung paano nakatulong ang bawat tagpuan sa pagbuo ng kwento. • Ipahayag kung paano maaaring iugnay ang mga tagpuang ito sa mga tunay na lugar o sitwasyon sa kasalukuyan. 3. Pangkat 3: Tunggalian • Kilalanin at ipaliwanag ang iba't ibang tunggalian sa kwento (Tao laban sa tao – Don Juan vs. Don Pedro/Don Diego; Tao laban sa sarili – Don Juan sa kanyang pagsubok; Tao laban sa kalikasan – ang paghahanap sa Ibong Adarna). • Gumawa ng isang maikling pagsasadula ng isang mahalagang tunggalian sa kwento. • Ipakita kung paano nakaapekto ang tunggalian sa pag-unlad ng mga tauhan.	
Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto	Unlocking Content Vocabulary: Elemento ng Obra – <i>Ibong Adarna</i> <i>(Tauhan, Tagpuan, at Tunggalian)</i> Upang mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa <i>Ibong Adarna</i>, mahalagang bigyang-diin ang mahahalagang salita na may kaugnayan sa mga elemento ng akda. Narito ang ilang mga terminong dapat maunawaan: A. Tauhan (Characters) 1. Protagonista – Ang pangunahing tauhan sa isang kwento, kadalasang gumaganap bilang bayani o bida. ○ <i>Halimbawa: Si Don Juan ang pangunahing protagonista sa Ibong Adarna. *</i> 2. Antagonista – Ang tauhang humahadlang sa layunin ng bida.	

	○ <i>Halimbawa: Itinuturing na antagonistista sina Don Pedro at Don Diego dahil sa kanilang paninibugho kay Don Juan.</i> 3. Katambal na Tauhan – Ang tauhang sumusuporta sa bida sa kanyang misyon o layunin. ○ <i>Halimbawa: Ang Ibong Adarna ay maaaring ituring na katambal na tauhan sapagkat ito ang naging susi sa paggaling ng hari.</i> 4. Katangian – Tumutukoy sa mga ugali o personalidad ng isang tauhan. ○ <i>Halimbawa: Si Don Juan ay may katangiang matapang, matiyaga, at may mabuting kalooban.</i> 5. Papel sa Kwento – Ang gampanin o kontribusyon ng isang tauhan sa pag-unlad ng banghay. ○ <i>Halimbawa: Ang papel ni Haring Fernando sa kwento ay ang pagiging pinuno ng Berbanya na nagbigay ng utos sa kanyang mga anak na hanapin ang Ibong Adarna.</i> B. Tagpuan (Setting) 6. Palasyo ng Berbanya – Ang kaharian kung saan naninirahan si Haring Fernando at ang kanyang pamilya. Halimbawa: Sa Palasyo ng Berbanya nagsimula ang suliranin ng kwento nang magkasakit si Haring Fernando. 7. Bundok Tabor – Ang mahiwagang bundok kung saan matatagpuan ang Ibong Adarna. Halimbawa: Naglakbay sina Don Pedro, Don Diego, at Don Juan patungo sa Bundok Tabor upang hulihin ang Ibong Adarna. 8. Kagubatan – Isang mahalagang tagpuan kung saan naganap ang ilang pagsubok na hinarap ng pangunahing tauhan. Halimbawa: Sa kagubatan, nakatagpo si Don Juan ng isang matandang ermitanyo na tumulong sa kanya. 9. Panahon (Timeframe) – Ang kapanahunang ginagalawan ng isang kwento, maaaring nakabatay sa tunay na kasaysayan o likhang-isip.	
--	--	--

	Halimbawa: Ang panahon ng Ibong Adarna ay maihahalintulad sa panahon ng mga hari at reyna sa Europa noong Middle Ages.	
Habang Itinuturo ang Aralin		
Pagproseso sa Mahahalagang Pag-unawa/Susi ng Ideya	Mga Tauhan sa Ibong Adarna Introduksiyon Ang mga tauhan ay ang nagpapatakbo sa isang kuwento. Sila ang dahilan ng pagkakaroon nito ng magandang pag-usad na nakaayon sa balangkas. Ang mga mambabasa ay maaaring maranasan ang mundong nilikha ng manunulat sa pamamagitan ng mga tauhang kaniyang nabuo mula sa kung paano ang tauhan ay nakikipag-ugnayan sa kaniyang paligid at sa paraan kung paano niya tingnan ang mga ito. Higit sa lahat, ang mga tauhan ay ang Mga Tauhan ng Ibong Adarna Pangunahing Tauhan • Ibong Adarna - ang mahiwagang ibon • Haring Fernando - pinakamakapangyarihang hari • Don Pedro - ang panganay na may pag- inggit kay Don Juan. • Don Diego - ang pangalawa at sunudsunuran kay Don Pedro • Don Juan - ang bunso at determinadong anak Ibang pang mga tauhan • Donya Leonora - ang prinsesa na iniligtas ni Don Juan sa serpyente; kapatid ni Donya Maria Blanca. • Donya Juana - ang kapatid ni Donya Leonora at prinsesang ikinulong sa TAUHAN: Ibong Adarna	

- ang makapangyarihang ibong nakatira sa puno ng Piedras Platas na makikita sa Bundok Tabor
- ang mahiwagang ibong makapagpapagaling kay tanging Haring Fernando sa pamamagitan ng magandang tinig nito



Ang **antagonista** naman ang itinuturing na kontrabida sa kuwent na tumatayong hadlang sa mga mithiin ng bida. Ang **pantulong na tauhan** naman, bagama't maliit na papel ang ginagampanan ay may malaking ambag sa galaw o daloy sa mga pangyayari sa kuwento.

Dalawang Uri ng Tauhan

Ang **lapad na tauhan** ay tumutukoy sa mga tauhang karaniwang binibigyan ng katangiang palasak na aasahan sa kaniyang katauhan sa kuwento. Kulang sa pagiging dinamiko ang kanilang karakter dahil madalas na hindi sa kanila umiikot ang kuwento at hindi nabibigyan ng pagkakataong maipakita ang pagbabago sa kaniyang katauhan.


Ang **bilog na tauhan** naman ay kadalasang mga tauhang pinatutungkulan ng kuwento o may malaking kinalaman sa daloy ng mga pangyayari. Umuunlad ang kanilang karakter dahil sa mga kilos na ginagawa nila sa loob ng kuwento. Sila ang mga **tauhang umaantig** sa damdamin ng mambabasa dahil sa naging pagbabago sa kanilang mga katangian bunga ng mga pangyayari sa kuwento.

Bago pa man natin basahin ang akda, mahalaga na makilala muna ang mga tauhan nito. Kailangang mabatid ang kani-kanilang gagampanang papel at mula rito ay malalaman natin kung ano-ano ang aasahan natin sa kani-kanilang pakikipagsapalarang nagbigay-rikit o kagandahan sa isang walang kamatayang **korido** ng **bayan**.

Mga Tauhan sa Ibong Adarna

Mga Pangunahing Tauhan sa Ibong Adarna
Sila ang mga tauhang palaging binabanggit sa kuwento, ang pinatutungkulan nito at ang mismong gumagalaw sa loob nito. Ang mga ito ay maaaring protagonista at antagonista.

Don Pedro - Ang panganay na anak nina Haring Fernando at Reyna Valeriana. Siya ang unang umalis at nakipagsapalarang hanapin ang mahiwagang ibon sa **Bundok Tabor**. Siya ay makasarili at mainggitin lalo na sa kapatid na si Don Juan na ilang beses niyang pinagtaksilan.



Don Diego - Ang ikalawang anak nina Haring Fernando at Reyna Valeriana. Nang hindi makabalik si Don Pedro ay siya naman ang sumunod na tumungo sa kabundukan upang hanapin ang ibong makapagpapagaling sa kanilang amang may malubhang karamdaman.

Madali siyang naiimpluwensyahan ng nakatatandang kapatid na si Don Pedro sa mga masamang balak nito, kung kaya naging mainggitin na rin siya sa kanilang nakababatang kapatid.



Don Juan - Ang bunso sa magkakapatid na anak nina Haring Fernando at Reyna Valeriana. Makisig, matapang,

at may mabuting kalooban. Siya ang tanging nakahuli sa Ibong Adarna sa Bundok Tabor at nakapagligtas sa kaniyang dalawang kapatid. Madaling mahulog ang kaniyang kalooban sa mga dalagang nakilala sa kaniyang pakikipagsapalaran



Donya Juana - Ang unang babaeng nagpatibok sa puso ni Don Juan. Isang higante ang nagbabantay sa prinsesa na kinailangang talunin ni Don Juan upang makalaya ang dalaga.



Donya Maria Blanca - Ang prinsesa ng Reyno de los Cristales. Maraming taglay na kapangyarihan ang dalagang ito. Dahil sa laki ng pag-ibig niya kay **Don Juan** ay tinulungan niya ang binata upang malagpasan ang maraming pagsubok na inihain ng ama niyang si Haring Salermo. Sa huli ay sila rin ni Don Juan ang nagkatuluyan.



Ibong Adarna - Ang makapangyarihang ibong nakatira sa puno ng Piedras Platas na makikita sa **Bundok ng Tabor**. Tanging ang magandang tinig ng ibong ito ang makapagpapagaling sa mahiwagang sakit ni Haring Fernando ng Kahariang Berbanya



Haring Fernando - Ang butihing hari ng Berbanya na nagkaroon ng malubhang karamdaman.



Mga Pantulong na Tauhan


	Ang mga tauhang ito ay madalas na lapad na tauhan dahil nagsilbi lamang silang kasangkapan para mapadaloy ang kuwento. Madalas na hindi na rin sila nabibigyan ng pangalan bilang pagtangi sa kanilang karakter. Naging bahagi ang mga ito ng kuwento upang mapatingkad ang papel na ginampanan ng mga pangunahing tauhan at nakatulong sa pag-usad ng kuwento. Ibong Adarna Tauhan at mga Katangian ng Bawat Isa Ang Ibong Adarna ay isang korido na sinasabing isinulat ni José de la Cruz na kilala rin sa bansag na Huseng Sisiw. Ito ay patungkol sa isang mahiwagang ibon na may kakayahang magpagaling ng sakit. Bukod sa ibon at kay Don Juan, marami pang ibang mga tauhan ang kasama sa koridong Ibong Adarna. Kabilang na nga d'yan ang mga kapatid at mga babaeng inibig ni Don Juan Mga Tauhan sa Ibong Adarna Narito ang mga pangunahing tauhan pati na rin ang mga tauhan na kaunti lamang ang ginampanan sa nasabing korido. 1. Ibong Adarna Isang engkantada; ibon na may magandang tinig na nakakapagpagaling ng may sakit 2. Don Juan- Bunsong prinsipe na may mabuting pag-uugali; nakahuli sa Ibong Adarna; napangasawa ni Prinsesa Maria Blanca 3. Don Fernando Hari ng Berbanya na may makatarungang pamumuno; asawa ni Donya Valeriana; ama nina Don Pedro, Don Diego at Don Juan 4. Don Pedro Panganay sa tatlong prinsipe; mainggitin; mahilig magtaksil at maghiganti; napangasawa ni Prinsesa Leonora 5. Don Diego Pangalawang prinsipe na madaling napapasunod ni Don Pedro; napangasawa ni Prinsesa Juana na kapatid ni Prinsesa Leonora	
--	--	--

	6. Prinsesa Juana Prinsesang iniligtas ni Don Juan mula sa higante; kapatid ni Donya Leonara; unang inibig ni Don Juan 7. Prinsesa Leonora Muntik nang mapangasawa ni Don Juan; kapatid ni Donya Juana; ikalawang inibig ni Don Juan; napangasawa ni Don Pedro at naging reyna sa Berbany 8. Maria Blanca Prinsesa ng Reyno delos Cristales; may taglay na mahika blanka na tumulong kay Don Juan para mapagtagumpayan ang mga pagsubok ni Haring Salermo; siya ang pinakamaganda sa tatlong anak ni Haring Salermo; ikatlo at huling inibig ni Don Juan; siya rin ang nakatuluyan ni Don Juan sa dulo ng kwento 9. Haring Salermo Hari ng Reyno delos Cristales; tusong ama ni Maria Blanca; may taglay na itim na mahika na kanyang ginagamit upang subukin ang mga nagtatangkang manligaw sa kanyang anak 10. Donya Valeriana Reyna ng Berbanya; asawa ni Don Fernando; ina nina Don Pedro, Don Diego at Don Juan 11. Manggagamot Ang gumagamot sa sakit ni Haring Fernando; siya rin ang nagsabi na ang tanging lunas sa sakit ng hari ay ang awit ng Ibong Adarna 12. Matandang Leproso Minsang natulungan ni Don Juan na nagpayo sa binata na dumaan muna sa ermitanyo bago hulihin ang Ibong Adarna 13. Unang Ermitanyo Nagpayo kay Don Juan kung paano mahuhuli ang Ibong Adarna. 14. Ikalawang Ermitanyo Siya ang nagsabi kay Don Juan na pumunta pa sa isang ermitanyo dahil hindi niya alam ang daan patungong Reyno delos Cristales 15. Ikatlong Ermitanyo Hindi rin niya alam ang daan patungong Reyno delos Cristales ngunit nang tawagin niya ang lahat ng ibon ay	
--	---	--

	naituro ng agila kung saan iyon. Dahil dito, ipinag-utos niya sa agila na dalhin si Don Juan doon. 16. Malaking agila Ang nagturo ng daan at naghatid kay Don Juan patungong Reyno delos Cristales 17. Higante Pinaslang nio Don Juan upang mailigtas si Prinsesa Juana na kapatid ni Prinsesa Leonora 22. Arsobispo Ang nagsabi na dapat piliin ni Don Juan si Prinsesa Leonora dahil ito ang mas nauna kaysa kay Prinsesa Maria Blanca At sila nga ang mga tauhang bumubuo sa Ibong Adarna. Kung nakatulong sa iyo ang aming ginawang post na ito na Ibong Adarna tauhan, mangyaring ibahagi ito sa iyong mga kaklase at kaibigan.	
<i>Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susi ng Ideya/Paglinang at Pagpapalalim</i>	Kaugnay na Paksa 1: Kaligirang Pangkasaysayan ng Ibong Adarna 1. Pagproseso ng Pag-unawa a. Patnubay na Tanong: Basahin ang mga patnubay na tanong bago basahin ang akda bilang gabay sa inyong pag-unawa. a. Ano-ano ang tema at paksa ng Ibong Adarna sa panahon ng kolonisasyon ng Kastila sa bansa? b. Bakit di matunton ang sumulat ng Ibong Adarna? c. Saang mga bansa hinango ang Ibong Adarna? d. Paano isinulat ang manuskrito ng Ibong Adarna batay sa istraktura? e. Masasalamain ba sa Ibong Adarna ang kalinangan ng ating bansa? Patunayan. b. Pinatnubayang Pagsasanay Gawin ang mga nakahandang gawain pagkatapos basahin ang akda. PINATNUBAYANG PAGBASA: Kaligirang Pangkasaysayan ng Ibong Adarna <u>Paglaganap ng Korido sa Panahon ng Kastila</u> Noong Marso 16, 1521, dumating si Ferdinand Magellan sa Pilipinas, na nagbukas ng ugnayang Espanyol at Pilipino. Gayunpaman, ang tunay na pananakop ng mga Espanyol	Tiyaking bago ipabasa ang akda, muling magamit ang mga susing salita sa pag-uugnay sa konteksto ng bagong aralin. Sa ganitong paraan, mahalaga ang patnubay upang maiproseso ang iba't ibang palatandaan ng pag-unawa. Mahalagang maghanda ng pamatnubay na iba't ibang anyo ng Gawain upang magabayan ang mag-aaral sa nilalaman at kasanayan sa

	sa Pilipinas ay nagsimula noong 1565 sa pamamagitan ni Miguel Lopez de Legaspi, na nagtatag ng unang permanenteng pamayanan sa Cebu. Ito ang nagsimula ng mas malawakang kolonisasyon ng Pilipinas at nagdulot ng malalim na epekto sa kultura at lipunan ng bansa. Sinunog ng Kastila ang mga nakasulat na panitikan ng ating mga ninuno dahil sa kanilang layunin na itaguyod ang Katolisismo, pinalitan nila ang mga nakasulat na panitikan ng mga Pilipino ng mga akdang naglalaman ng mga aral ng Katolisismo. Dahil dito, ang panitikan noong panahon ng Kastila ay nagkaroon ng mga element at anyo na katulad sa mga akdang Espanyol. Lumaganap ang mga anyong tulad ng mga tulang liriko, awit, korido, at pasyon sa larangan ng panulaan. Ang panitikan ay naging isang mabisang instrumento upang mapalaganap ang relihiyong Katolisismo sa bansa. Ang mga tulang romansa, tulad ng awit at korido, ay nagbibigay-halaga sa diwang Kristiyanismo at karaniwang naglalarawan ng mga pakikipagsapalaran at kabayanihan kung saan ang pangunahing tauhan ay nagtatagumpay dahil sa kaniyang matatag na pananampalataya at matiyagang pagtawag sa Diyos. Ang mga tulang bayani o epiko ay pinalitan ng mga akdang nakatuon sa pananalig kay Kristo at iba pang mga santo. Ang Ibong Adarna ay isang tulang pasalaysay na kilala sa kaniyang romantisadong paksa na naglalarawan ng mga bayani na taglay ang dugong bughaw. Ito ay isa sa mga paboritong anyo ng tula sa Europa, partikular na ang mga tulang pasalaysay na may paksa ng pakikipagsapalaran at kabayanihan. Ang ganitong uri ng tulang romansa ay kilala at popular sa iba't ibang wika at karaniwang binabasa ng mga kababaihan. Sa Espanya, lalo itong sumikat noong panahon ng mga haring Katoliko, lalo na matapos ang pagtanggap ng kontrol sa Granada noong 1479. Hanggang sa ngayon, hindi pa rin tiyak kung sino ang tunay na may-akda ng koridong Ibong Adarna. Sinabi ni Pura Santillan-Castrence, kilalang propesor ng literatura, na maaaring ang kwentong Scala Celi ang pinagmulan ng Ibong Adarna. Ipinapahayag na ang akda ay likha ng isang paring Dominiko noong 1300 A.D. Ang Scala Celi ay	lunsarang babasahin sa tulong ng mga pagsasanay. Maaaring kunin o gamitin ng guro ang tala sa: https://leomargmercado.wixsite.com/ibongadarna/ibong-adarna
--	---	---

	tumatalakay sa isang hari na maysakit at nangangailangan ng tubig ng buhay upang gumaling. Sa paglalakbay ng tatlong anak upang hanapin ang lunas, ang bunso ang pinakamabait at pinakamagalang. Siya rin ang nakakamit ng lunas para sa sakit ng kanilang amang hari matapos tulungan ng isang matandang lalaki. Pinagdaanan niya ang maraming pagsubok sa pagkuha ng tubig ng buhay, kabilang ang pagharap sa mapanganib na ahas, mga nakabibighaning dalaga, at mga kawal na nagbabantay. Sa wakas, nagtapos ang kuwento sa pagpapakasal ng prinsipe at prinsesa, at namuhay sila nang maligaya. Dahil dito, ang tunay na pinagmulan ng kwento ng akdang ito ay maaaring hango lamang sa mga kuwentong-bayan ng iba't ibang bansa sa Europa tulad ng Romania, Denmark, Austria, Alemanya, at Finland. Ito rin ang nagtutulak sa ilan na hindi ganap na ituring ang Ibong Adarna bilang bahagi ng panitikang Pilipino dahil sa likas nitong pagkakaroon ng pinagmulan sa ibang bansa. Sa pagsusuri ng kasaysayan, kilala ang anyo ng tulang romansa sa Europa noong panahon ng Medieval o Middle Ages. Tinatayang noong 1610, mula sa bansang Mexico, dumating ang akdang ito sa Pilipinas at ginamit bilang isang kasangkapan ng mga Espanyol upang hikayatin ang mga katutubo na tanggapin ang relihiyong Katolisismo. May mga koridong hindi matunton ang sumulat kaya maaaring sabihing salaysaying-bayan. Ang ganitong salaysay ay nagpalipat-lipat sa maraming bibig, yumaman sa nilalaman, at habang isinalaysay ay nadaragdagan. Gayunpaman, sinasabi ng maraming kritiko ang pagpapalagay na ang may akda o unang humango nito ay si Jose Dela Cruz na kilala sa tawag na Huseng Sisiw. Ayon kay Julian Cruz Balmaceda, Si Huseng Sisiw ang nagturo umano kay Francisco Balagtas kung paano sumulat ng tula. Bagama't ang Ibong Adarna ay itinuturing na halaw o nagmula sa ibang bansa, ang nilalaman naman nito ay sumasalamin sa kalinangan at kultura ng mga Pilipino. Sa akdang ito, makikita ang mga natatanging kaugalian at halaga ng mga Pilipino tulad ng matibay na pananampalataya sa Poong Maykapal, pagpapahalaga sa pamilya, respeto sa mga magulang at nakatatanda, pagtulong sa mga nangangailangan, paggalang sa kapwa, pagtanaw ng utang na loob, pagpapahalaga sa dignidad ng kababaihan, at determinasyon sa harap ng mga pagsubok.	
--	---	--

	Bukod sa mga aral na ito, tinangkilik din ng mga Pilipino ang Ibong Adarna noong panahon ng pananakop ng mga Espanyol dahil nagdulot ito ng aliw at kasiyahan sa kanila. Sa katunayan, itinuturing na panitikang pantakas (escapist) ang Ibong Adarna dahil sa sandaling pagbabasa o panonood nito, pansamantalang nakakalimutan ng mga Pilipino ang kanilang mga suliranin at naihahatid sila sa ibang mundo, kung saan nagaganap ang pakikipagsapalaran ni Don Juan, ang pangunahing tauhan sa akda. Sa lahat ng koridong nailimbag at isinulat sa Pilipinas, mas nakilala ang Ibong Adarna dahil bukod sa mga pirasong ito ay mabibili sa mga perya tuwing kapistahan, ipinapalabas din ito sa mga entablado, tulad ng komedya o moro-moro. Dahil sa malawakang paglipat-lipat ng mga sipi, ang mga manuskrito at maging ang mga inilathalang kopya ng Ibong Adarna ay binibigyang-pansin ang pagkakasulat nito, lalo na ang mga sukat at tugma ng bawat saknong. Sa kasalukuyan, ang mga standardisadong sipi ang karaniwang ginagamit sa mga paaralan at pahayagan na kasasalamanin ng ating lipunan gayundin ng mga pagpapahalagang Pilipino. a. TINIG NG KORIDO Gamit ang timeline, itala ang mahahalagang pangyayari na naganap sa Kaligirang Pangkasaysayan sa panahon ng paglikha ng Obra Maestra-Ibong Adarna. 	https://www.pinterest.com/pin/660340364099637990
Pagkatapos Ituro ang Aralin Paglalatap at Paglalahat	PAGPAPALALIM: Pagtalakay sa Mas Malawak na Konteksto	

	Layunin: • Maunawaan kung paano sumasalamín ang <i>Ibong Adarna</i> sa kultura, kasaysayan, at paniniwala ng mga Pilipino. • Maikonekta ito sa iba pang akda o panitikang Pilipino. Gawain: 1. Pagsusuri ng Kaugnayan sa Kasaysayan at Lipunan • Paano ipinapakita sa <i>Ibong Adarna</i> ang paniniwala ng mga sinaunang Pilipino? • Ano ang kaugnayan ng paghahanap ng lunas para kay Haring Fernando sa pananampalataya ng mga tao noon? • Mayroon bang makabagong bersyon ng paghahanap ng "lunas" o "himala" sa kasalukuyang panahon? (Hal., medisina, pananalig sa Diyos, alternatibong paggagamot)  Halimbawa: • Ang <i>Ibong Adarna</i> ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagtitiis at pagsasakripisyo upang makamit ang isang layunin, na makikita rin sa buhay ng maraming Pilipino na nagsusumikap para sa kanilang pamilya. • Sa kasalukuyan, marami pa rin ang naniniwala sa mga alamat, himala, at tradisyunal na paniniwala sa paggaling ng may sakit.	
Pagtataya ng Natutuhan	Panuto: Basahin nang mabuti ang bawat tanong. Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ito sa inyong sagutang papel. 1. Sino ang pangunahing tauhan sa <i>Ibong Adarna</i> na dumaan sa maraming pagsubok upang makuha ang mahiwagang ibon? a) Don Pedro b) Don Diego c) Don Juan d) Haring Fernando	Answer: 1. c) Don Juan 2. b) Matapang at may mabuting kalooban 3. b) Sila ang nagtangkang patayin si Don

	2. Ano ang pangunahing katangian ni Don Juan na nagpapaiba sa kanya sa kanyang mga kapatid? a) Mapagmataas at tuso b) Matapang at may mabuting kalooban c) Masayahin at tamad d) Walang pakialam sa kanyang pamilya 3. Ano ang naging papel nina Don Pedro at Don Diego sa kwento? a) Sila ay mabubuting tagapagtanggol ng Berbanya. b) Sila ang nagtangkang patayin si Don Juan dahil sa inggit. c) Sila ang tumulong kay Don Juan sa paghahanap sa Ibong Adarna. d) Sila ang naging guro ni Don Juan sa kanyang paglalakbay. 4. Sino ang pinuno ng kahariang Berbanya na nag-utos sa kanyang mga anak na hanapin ang Ibong Adarna? a) Haring Salermo b) Haring Fernando c) Haring Adolfo d) Haring Baltazar 5. Ano ang kahalagahan ng tauhang Ermitanyo sa kwento? a) Siya ang tumulong kay Don Juan sa paghuli sa Ibong Adarna. b) Siya ang nagbigay ng sumpa kay Haring Fernando. c) Siya ang nagturo kay Don Pedro kung paano dayain si Don Juan. d) Siya ang nagbigay ng mahiwagang espada kay Don Juan.	Juan dahil sa inggit. 4. b) Haring Fernando 5. a) Siya ang tumulong kay Don Juan sa paghuli sa Ibong Adarna.
Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)		
Mga Tala		
Repleksiyon		

Presented and demonstrated by:

(Teacher's Name)

Position

CHECKED AND OBSERVED:

Principal's Name

Position